# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG ENERO 18, 2021, LUNES, IKA-09:27 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – may karamdaman |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECEIVED By: Date: 04 FEB 2021 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 004-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 30-T2020 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG POBLACION I, SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAGPAPATIBAY NG HALAGANG P38,400.00 NA ILALAAN PARA SA KARAGDAGANG ALLOWANCE NG BARANGAY TANOD PARA SA TAONG 2021.**

**SAPAGKAT,** may tinanggap ang Sangguniang Bayan na kapasiyahan / kautusan ng Sangguniang Barangay ng Poblacion I na nagpapatibay ng halagang P38,400.00 upang ilaan para sa karagdagang allowance ng Barangay Tanod para sa taong 2021;

**SAPAGKAT,** ang nasabing kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-aaral ng lupon ay inirekomendang pagtibayin na ito.

**SAPAGKAT,** may pasubaling anumang gagawing paglalabas ng gugulin ay pananagutan ng Sangguniang Barangay;

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng mga Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Ramon D. Tan at Kgg. Lucena R. Odejar at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 30-T2020 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2020 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion I, Santa Cruz, Laguna na nagpapatibay ng halagang P38,400.00 na ilalaan para sa karagdagang allowance ng Barangay Tanod para sa taong 2021.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal at Sangguniang Barangay ng Poblacion I, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran.

**PINAGTITIBAY. Enero 18, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan